

活用型情報モラル教材



とくきょう



Para sa mga Guardian

Sa GIGA Workbook na ito ay, upang lubos na mapakinabangan ang paggamit ng 1 device bawat 1 tao, maaari mong matutunan ang mga pangunahing kakayahan sa paggamit ng impormasyon (kabilang ang etika sa impormasyon).

Sa bahay, mangyaring pag-usapan ninyo kung paano gagamitin nang wasto ang device at ang mga patakaran sa paggamit nito.

Kategorya ng mga Problemang Dulot ng Cellphone/ Smartphone

Ang kasalukuyang mga problemang dulot ng internet ay maaaring ikategorya sa mga sumusunod.

1 Labis na paggamit



Labis na paggugol ng oras sa paglalaro, video, pakikipag-usap, o iba pa “habang naka cellphone”.

Pangunahin **A**

2 Mahal na bill



Napapagastos nang malaki sa pagbili ng mga game item, at iba pa.

Pangunahin **A**

3 Pag-access sa mga hindi angkop na site



Pag-access sa mga site na may temang seksual o karahasan na hindi angkop sa kabataan.

Pangunahin **B**

4 Pakikipagkita



Sa social media, makikiusap ang taong hindi mo kakilala na makipagkita, o makikiusap na magpadala ka ng sariling picture.

Pangunahin **A** at **B**

5 Paglabag sa Copyright



Pag-upload ng video o musika nang walang pahintulot, o pagda-download ng musika o video kahit alam mong ilegal ito.

Pangunahin **A** at **C**

6 Pagpapakalat ng maling impormasyon



Pag post sa social media ng mga prank photos o maling impormasyon.

Pangunahin **C**

7 Pagpo-post ng Personal na Impormasyon



Mula sa pagpo-post ng mga text o larawan sa social media, ay lumalabas ang mga impormasyong maaaring magpakilala sa isang tao.

Pangunahin **C**

8 Pangungutya • Pambu-bully



Pambu-bully o hindi pamamansin sa group chat, o hindi pagkakaunawaan dahil sa maling interpretasyon ng maikling mensahe.

Pangunahin **C**

1 Pag-usapan ninyo ng inyong anak at lagyan ng check ang mga problemang sa tingin ninyo ay madalas mangyari.

2 Pag-isipan natin ang solusyon tulad ng apps at filtering. May tatlong pangunahing mahalagang hakbang.

- A** Pag-isipan natin ang patakaran sa bahayP2-4
- B** Setting ng filtering at appsP5-6
- C** Katangian ng pakikipag-usap sa ibang tao sa internet...P7

“Paggawa ng patakaran” na naglalayong itaguyod ang malayang pag-iisip

Ano ang problema sa mga sumusunod na patakaran?

Mag-ingat sa “labis na paggamit” ng internet

Huwag gumamit ng cellphone kapag “gabing-gabi” na

Huwag gumastos ng “malaking” pera sa internet

Dahil sa hindi malinaw ang pahayag sa loob ng “ ”, maaaring magkaiba ang pamantayan ng magulang at anak. Kapag gumagawa ng patakaran, iwasan natin ang mga hindi malinaw na pahayag.

Kapag may batang lumabag sa patakarang, “Ang cellphone ay puwede lang gamitin hanggang alas-10 ng gabi”, paano mo siya kakausapin?

A

Pagagalitan dahil hindi siya sumunod sa patakaran


B

Pag-iisipan ninyong magkasama kung paano masusunod ang patakaran

Mula sa pagkontrol na nakabatay sa “limitasyon” tulad ng **A**, gawin nating gabay ang tulad ng **B** upang makabuo ng “malayang paggawa ng patakaran” sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa inyong anak.

Relasyon ng Pagtatakda ng Patakaran at Pagsunod Dito

Ayon sa isang survey na isinagawa sa mga high school student, napag-alaman na mas mataas ang posibilidad na sumunod ang mga bata sa mga patakaran kung kasama silang gumawa nito, kumpara sa mga patakaran na binuo lang ng mga magulang.



Dahilan Kung Bakit Hindi Nasusunod ang Patakarang “Huwag Gumamit ng Internet nang Labis”

Dahil sa tendensiya ng mga bata na isiping “hindi sila labis sa paggamit ng internet o laro,” ang patakarang “huwag gumamit ng labis” ay madalas hindi nasusunod.


Source: LINE Mirai Foundation(2018)“Survey na naglalayong maunawaan ang aktwal na sitwasyon ng paggamit ng internet ng mga Kabataan”

5 Hakbang (Stages) para Makawala sa “Labis na Paggamit”

Pag-usapan natin ang mga sumusunod na 5 hakbang (stages) para himukin ang pagbabago ng gawi.

Mahalagang ipasulat sa bata ang detalyadong tagal ng paggamit niya ng internet sa loob ng isang araw, para malaman niya na “labis ang kanyang paggamit” at “mas matagal siya kaysa sa iba.” Ito ay isang mabisang hakbang sa pagbabago ng gawi, sa pag-iwas at pagpapabuti ng tendensiya sa pagka-adik sa internet.

Mga Estado ng Paghinto sa Pagka-adik sa Internet



Suriin natin kasama ang inyong anak kung labis na ang paggamit ng internet

Sa survey sa ibaba, kung may 5 o higit pang aytem ang tumugma mula sa 8 item, iyon ay maituturing na “problematic user”.

- ① Nahuhumaling sa internet, kung saan naaalala ang paggamit nito sa SNS, laro, pamimili, at iba pa, at sabik na inaabangan ang susunod na paggamit.
- ② Upang makuntento, kailangang pahabain ang oras ng paggamit ng internet.
- ③ Paulit-ulit na hindi nagtatagumpay sa pagbawas o pagtigil ng paggamit.
- ④ Kapag sinubukang bawasan ang oras ng paggamit ng internet, nagiging balisa, masungit, malungkot o mairitahin.
- ⑤ Ang oras ng aktibidad na may kinalaman sa internet ay nagiging mas mahaba kumpara sa pinlanong oras bago ito gamitin.
- ⑥ Dahil sa paggamit ng internet, naapektuhan ang relasyon sa mahahalagang tao, at nawawalan ng pagkakataon para mag-aral.
- ⑦ Dahil sa labis na pagkahumaling sa internet, nagsisinungaling para pagtakpan ang mga nangyayaring problema.
- ⑧ Gumagamit ng internet para takasan ang mga problema o mga bagay na hindi kanais-nais.

Pamamahala para sa Guardian sa Smartphone/Device

Screen Time

Para sa iPhone/iPad



© Apple Inc.

Sa paggamit ng “Screen Time”, maaari mong suriin ang real-time na ulat kung paano nagugugol ang oras sa iPhone, iPad, o iPod touch. Maaari ka ring magtakda ng limitasyon sa mga bagay na nais mong pamahalaan.

Magkasamang pag-usapan ng guardian at anak ang mga patakaran sa paggamit at suriin kung nasusunod ba ito.




Pag-set up ng Screen Time sa iPhone, iPad, o iPod touch - Apple Support

<https://support.apple.com/ja-jp/108806>

Family Link

Para sa Android



Ito ay isang libreng parental control app na inaalok ng Google. Kapag na-install ito sa mobile device ng bata at ng guardian, nagiging posible ang mga sumusunod.


- Pamahalaan ang paggamit ng app ng bata
- Pamahalaan ang oras ng paggamit ng bata
- Tingnan ang lokasyon ng bata

※Maaaring gamitin ang Family Link sa android smartphone na may Android Lollipop (5.1) o mas bago, sa android smartphone ng guardian na may Android Lollipop (5.0) o mas bago, pati na rin sa iPhone o iPad na may iOS9 o mas bago.



YouTube Kids

Para sa Android • iPhone/iPad




Ang YouTube Kids ay isang app na ginagawang mas madali at mas kasiya-siya para sa mga batang wala pang 13 taong gulang ang paggamit ng YouTube. Sa pamamagitan ng paggawa ng profile, maaaring piliin ang mga nilalaman na maaari lang mapanood at i-set ang timer upang malimitahan ang oras ng panonood. Nagbibigay din ito ng impormasyon na makakatulong sa paghubog ng angkop na digital habits.

Ang YouTube Kids ay isang app na ginagawang mas madali at mas kasiya-siya para sa mga batang wala pang 13 taong gulang ang paggamit ng YouTube. Sa pamamagitan ng paggawa ng profile, maaaring piliin ang mga nilalaman na maaari lang mapanood at i-set ang timer upang malimitahan ang oras ng panonood. Nagbibigay din ito ng impormasyon na makakatulong sa paghubog ng angkop na digital habits.

Digital Wellbeing

Para sa Android




Ito ay isang feature na makakatulong para maunawaan ang gawi sa paggamit ng smartphone araw-araw at makapaglaan ng oras para manaliting offline.

- Ang paggamit ng smartphone sa araw na iyon ay ipinapakita sa isang graph, na nagbibigay daan para masuri ang paggamit. Maaaring i-tap ang graph upang makita ang detalye.
- Para makapagpokus sa pag-aaral, isang tap lang ay maaari nang i-pause pansamantalang ang mga nakakaabalang app.
- Maaaring magtakda ng pang-araw-araw na limitasyon sa oras ng paggamit ng app. Maaaring malaman kung labis na ang panonood ng video.


Tungkol sa Filtering

Mahalaga ang pag-set up ng filtering para hindi masangkot sa krimen o gulo. Ang Screen Time at Family Link ay mayroong mga filtering function. Bukod pa rito, mayroon ding mga filtering app tulad ng nasa ibaba. Pumunta tayo sa mga tindahan ng cellphone para ma-set up ang pinakamainam na filtering at kumonsulta.


Anshin Filter for (pangalan ng carrier/ brand)



docomo



au



SoftBank

Noong February 2017, pinag-isa ang app icon ng mga filtering service para sa smartphone at iba pang mga device na inaalok ng mga mobile phone carrier.

Ang iPhone, iPad ay mga trademark ng Apple Inc. na rehistrado sa Estados Unidos at iba pang mga bansa. Ang trademark ng iPhone ay ginagamit batay sa lisensya mula sa Aiphone Co., Ltd. Ang Google, Google Classroom, Android, Family Link, YouTube, YouTube kids, at Digital Wellbeing ay mga trademark ng Google LLC

8 Pangungutya • Pambu-bully



Iwasan nating gawin ang mga “bagay na ayaw” ng iba

Ayos lang ba ang ganiyang patakaran o gabay?

Ang persepyon ng “bagay na ayaw” ay magkakaiba sa bawat tao, at dahil sa katangian ng internet, ang pagkakaibang ito ay mas lumalaki.

Tingnan natin ang nilalaman mula sa 3 pananaw.




1 Pagkakaiba ng Persepsyon

Ang salitang “ayaw ko yan” para sa isang tao ay maaaring iba sa persepsyon ng ibang indibidwal. Hindi ibig sabihin na ang mga salitang ayaw mo ay ayaw din ng kaibigan mo.



2 Katangian ng Internet

Kapag narinig natin ang salitang “sipag ah”, ito ay hinuhusgahan natin kung ito ba ay positibo o negatibong pahayag batay sa ekspresyon ng mukha, sitwasyon, at tono. Gayunpaman, sa pakikipagkomunikasyon sa text tulad ng mail, mahirap iparating ang damdamin, kaya nagiging mahirap ding husgahan kung ito ba ay positibo o negatibo, na madaling humantong sa hindi pagkakaunawaan.



3 Pagkakaiba batay sa “Pagtataya ng Panganib”

Naiintindihan ng mga bata kung “ano ang mapanganib”, ngunit ang pagtantiya nila sa kung “gaano ito kapanganib” ay kadalasang mali, dahil sa pag-iisip ng “sa tingin ko, ayos lang ito,” madalas humahantong ito sa gulo.